# ANG MUNDO NG MGA JINN O ESPIRITU (2 NG 2 BAHAGI)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Isang pagpapakilala sa nilikha ng Allah na kilala bilang "jinn." Ikalawang Bahagi 2: Ang kasaysayan ni Satanas, ang misyon ni Satanas at mga demonyo at paraan ng pangangalaga mula sa kanila.

**Kategorya:** Mga Aral › Mga Islamikong Paniniwala › Mga Haligi ng Paniniwala

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2013 NewMuslims.com)

**Nai-publish sa:** 30 Mar 2018

**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Layunin

·Malaman ang kasaysayan ni Satanas o Iblees.

·Malaman ang misyon ni Satanas at mga demonyo.

·Alamin ang 7 mga paraan upang mapangalagaan ang sarili mula sa mga demonyo.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Jinn* – isang nilalang ng Allah na nilikha bago ang tao mula sa walang usok na apoy. Ang mga ito ay dating tinutukoy na mga nilalang na espiritu, mga banshee (isang espiritu ng babae na ang pag-ungol ay nagbababala ng isang paparating na kamatayan sa isang tahanan) , mga guni-guni, multo at iba pa.

·*Iblees* – ang pangalan sa Arabik ni Satanas.

·*Qareen* – isang diyablo na nakadikit sa bawat tao.

·*Shaytan*- minsan ito ay nakasulat na Shaitan or Shaytaan. Ito ang salitang ginamit sa Islam at wikang Arabik upang tukuyin ang diyablo o Satanas, ang pagbibigay ng katauhan sa kasamaan

.·*Shayateen* – mga demonyo o diyablo, pangmaramihang katawagan sa mga 'satanas'.

·*Sunnah* - Ang salitang *Sunnah* ay may ilang mga kahulugan depende sa bagay na pinag-aaralan subali't ang kahulugan ay karaniwang tinatanggap, kahit na anong iniulat na sinabi ng Propeta, ginawa, o pinahintulutan.

·*Surah* – kabanata sa Banal na Qur'an.

Natutunan natin sa nakaraang aralin na ang ilang mga *jinn* o espiritu ay mabuti at ang ilan ay masama. Ang Allah ay nagbigay sa kanila ng kakayahang maging mananampalataya o hindi naniniwala. Ang masamang espiritu ay kilala bilang mga demonyo o *shayateen* sa Arabik. Ang pinuno ng mga demonyo ay kilala bilang Satanas

o *Iblees* sa Arabik. Siya ay may isang napaka-pangit na anyo at may dalawang mga sungay.

# Ang Kasaysayan ni *Iblees* o *Satanas*

Si Satanas ang laging sumasamba sa Allah kasama ng mga anghel bago siya naging mapagmataas. Pinili niya ang masamang landas sa buhay, kanyang batid na magbibigay ito sa kanya ng kaparusahan. Nilikha ng Allah si Adan at inutusan ang mga anghel na magpatirapa kay Adan. Si Satanas ay laging sumasamba sa Allah kasama ng mga anghel, kaya inutusan rin siya na magpatirapa ngunit tinanggihan niya ang utos ng Allah dahil sa pagmamataas. Bilang resulta, si Satanas ay pinalayas sa Paraiso. Siya ay nangako sa Allah na ililigaw niya ang mga anak ni Adan kung pahihintulutan siya ng Allah na mabuhay hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Kaya, siya ay naging pinakamasamang kaaway ng tao. Nakita niya na si Adan ang dahilan ng pagpapalayas sa kanya mula sa Paraiso at ang dahilan kung bakit isinumpa siya ng Allah.

### Ang Misyon ni Satanas at ang mga Demonyo

Si Satanas, o *Iblees,* ang Pinaka-pinuno ng digmaan laban sa mga tao sa lupa. Inilatag niya ang mahusay na pamamaraan sa digmaang ito laban sa mga tao, nagpapadala ng kanyang mga sundalo, at pagkatapos ay sinusuri ang kanilang mga trabaho. Pinupuri niya ang mga nakatapos sa kanyang misyon. Sinabi sa atin ng Propeta ng Allah (SAW),

“Itinayo ni *Iblees* ang kanyang trono sa ibabaw ng tubig. Mula doon, pinalabas niya ang kanyang mga hukbo upang tuksuhin ang sangkatauhan. Ang isa na itinuturing niyang pinakamalapit sa kanya ang siyang nagiging sanhi ng pinakamatinding tukso. Ang isa sa kanila ay nagbabalik sa kanya at nagsabi, 'Ako ay nanatili sa gayon at kaya at hindi iniwan siya hanggang ginawa niya ito at gayon,' at sinabi sa kanya, 'Wala kang nagawa.' Pagkatapos ay dumating ang isa at nag-uulat, 'Di ko siya iniwanan hanggang sa magkalayo sila ng kanyang asawa.' Pagkatapos ay dinala siya ni *Iblees* malapit sa kanya at nagsabi,' Napakagaling mo! '[1]

Mayroon siyang mga sundalo sa pagitan ng mga *jinn*, na kilala bilang mga demonyo, at kasama ang mga tao. Kabilang sa kanyang mga sundalo mula sa espiritu ay ang *qareen,* ang demonyo na kasama ng bawat tao.

Ang tunay na layunin ni Satanas ay upang isama ang mga tao patungo sa Impiyerno at pigilan sila mula sa pagpasok sa Paraiso. Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga tao upang sumamba sa iba bukod sa Allah. Kung hindi niya iyon magagawa, inaakay niya ang mga ito na gumawa ng kasalanan at sumuway sa Allah. Sinisikap niyang pigilan ang mga tao mula sa paggawa ng mabubuting gawain. Kung hindi niya magawa iyon, sa gayon ay gagawin niya ang lahat para sirain ang mga gawain ng pagsamba upang ang tao ay hindi makatanggap ng anumang gantimpala para sa kanila.

Ang isa sa mga paraan ng panliligaw ni Satanas sa mga tao ay ang pangkukulam. Kung minsan ang mga mangkukulam ay nagsasagawa ng mga gawain upang masiyahan ang mga demonyo kapalit ng kanilang hinihingi. Kung minsan ay ginagamit ang pangkukulam upang lumikha ng paghihiwalay sa pagitan ng mag-asawa (Qur'an 2: 102). Ang pangkukulam ay may dalawang uri, ang ilan sa mga ito ay isang ilusyon at ang ilan ay totoo. Ang tunay na

pangkukulam ay maaaring maging sanhi ng paghihiwalay sa pagitan ng mga mag-asawa at nagiging sanhi ng iba pang mga pinsala.

## Proteksyon Laban kay Satanas at mga Demonyo

1. Ang pinaka-mabuting paraan upang pangalagaan ang sarili laban kay satanans ay sa pamamagitan ng pananatili sa Quran at *Sunnah* at sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga katuruan ng Islam. Sinabi ng Allah sa Qur'an,

***“O ikaw na naniniwala, pumasok sa Islam nang ganap at huwag sundin ang mga yapak ni Satanas. Sa katunayan, siya ay isang lantad na kaaway sa iyo. "(Quran 2: 208)***

2. Paghingi ng proteksyon sa Allah. Sa katunayan, ang pagbabalik-loob sa Allah at paghingi sa Kanya ng proteksyon ay isa sa mga pinaka-mabuting paraan upang maging ligtas mula kay Satanas. Itinuro sa atin ng Allah sa Quran ang mga salita na magbibigay ng proteksyon na maaaring isalin tulad ng:,

***At sabihin, 'Aking Nag-iisang Panginoon, humihingi ako ng proteksyon sa Iyo mula sa bulong ng mga diyablo at humihingi ako ng pangangalaga sa Iyo, Aking Nag-iisang Panginoon, kung sakaling sila ay lumapit sa akin.' "(Qur'an 23: 97-98)***

3. Ilagay ang iyong mga anak at ari-arian sa ilalim ng pangangalaga ng Allah. Ang Sugo ng Allah (SAW) ay laging humihingi ng proteksyon para sa kanyang mga apo sa pamamagitan ng mga salitang ito:

***"U’eedhu-kuma bi kalimaa-til-laahit-taammah min kulli shaytaanin wa haamma wa min kulli aynin laammah.”***

***“Pinagkalooban ko kayo ng dalawang bagay upang mapangalagaan sa pamamagitan ng perpektong mga salita ng Allah, mula sa bawat demonyo at peste, at mula sa bawat masamang mga mata. "(Saheeh Al-Bukhari)***

4. Ang pinaka-mabuting mga salita sa paghingi ng proteksyon sa Allah.

Ang huling dalawang kabanata sa Quran, ang *Surah al-Falaq* at *Surah an-Naas*, ang pinakamagandang salita sa paghingi ng proteksyon (*Sunan Nasai)*.

5. Humingi ng proteksyon sa pamamagitan ng talata ng *Al-Kursi*

***“Sinuman ang magsabi nito pagbangon sa umaga ay magiging protektado mula sa jinn hanggang sa siya ay mahiga sa gabi, at sinuman ang magsabi nito bago magpahinga o matulog sa gabi ay magiging protektado mula sa kanila ( mga shayateen) hanggang sa siya ay bumangon sa umaga. "(Hakim)***

Iyong pinag-aralan ang *Surah al-Falaq*, *Surah an-Naas,* at ang talata ng *Al-Kursi* sa nakaraang aralin. Mangyaring basahin o pag-aralan muli ang mga ito.

6. Manatiling malapit sa Komunidad ng Muslim

Upang maiwasan ang pagbagsak sa mga patibong ng demonyo, manatiling malapit sa komunidad ng mga Muslim at pumili ng mabubuting mga kaibigang Muslim para sa iyong sarili na tutulong at hihikayatin kang sundin ang katotohanan at lumayo mula sa kasinungalingan. Ang Propeta, purihin nawa siya ng Allah, ay nagsabi,

**“Dapat mong sundin ang komunidad ng mga Muslim at mag-ingat sa pagkakabukod-bukod, sapagkat ang demonyo ay kasama ng isang tao na nag-iisa, ngunit siya ay mas malayo mula sa dalawa ( dalawang muslim). "(Tirmidhi)**

7. Labanan ang Demonyo

Ang demonyo ay kumakain, umiinom, at kumukuha ng mga bagay gamit ang kanyang kaliwang kamay, kaya dapat mo siyang labanan at kumain, uminom, at kumuha ng mga bagay gamit ang iyong kanang kamay. Gusto ng demonyo na makita ang salapi na nasasayang, kaya maging maingat at huwag mag-aksaya ng iyong salapi. Panghuli, pigilin ang paghikab (na nagpapahiwatig ng katamaran) sa abot ng iyong kakayahan dahil ito ay nagmula sa demonyo.

---

Pinagkunan:

[1] *Saheeh Muslim*

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.newmuslims.com/tl/articles/183/ang-mundo-ng-mga-jinn-o-espiritu-2-ng-2-bahagi

Copyright © 2011 - 2024 NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.